


Patula-tula



SAMPLER NI

Eros S. Atalia

PATULA-TULA: SAMPLER NI EROS S. ATALIA

Ang mga tulang tinipon dito ay nagkamit ng karangalan sa Talaang Ginto: Gawad Surian sa Tula-Gantimpalang Collantes ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Ang “Maglaba ay Di Biro” ay Ikalawang Karangalang Banggit (kategoryang baguhan, 2004), ang “Remedyo” ay Ikalawang Gantimpala (kategoryang propesyunal, 2008), at ang “Sorry, Anak” ay Karangalang Banggit (kategoryang propesyunal, 2007).

© 2004, 2007, 2008 at 2020 ni Eros S. Atalia
Reserbado ang lahat ng karapatan

Imahen sa pabalat at huling pahina: Mula sa *Curiosities from the Museum* (1778) ni Giovanni Carafa

Inilatag ni Michael Balili

GACHA PRESS

NILALAMAN

Maglaba ay Di Biro 5

Remedyo 8

Sorry, Anak 20

Tungkol sa May-akda 23

Patula-tula

Maglaba ay Di Biro

Ampaw ang garukgok ng washing machine:
ikot-ikit ang mga labahin,
hinto-inog ng damdamin.
Nakasalang ang kagabing binabad—
kasunod ang kaninang hinubad,
nakapila ang maong at kumot
habang inaanlawan ang sama ng loob.

Paghihiwalayin ang de kolor at puti
(tandaan na nagmamantsa
ang kasinungalingan sa katotohanan)
saka kakamayin
lampin, bra at panty.
Sa magaling na kusot at piga
walang hindi nadadaan sa tyaga,
pagkat napapaahon ng sabon
ang dumi at pawis
tulad ng pag-ibig sa pagtitiis.

Hayaang tangayin ng tubig
ang bula at luha
dadayain ng fabric conditioner
anumang kakulangan
sa pangako at sumpa
ng bareta at powder.

Luwal ng spinner ay malagihay
isabay sa pagsasampay
ang hinaing at daing,
tutuyuin ng araw
ang tamlay at lumbay
sa maghapong paghihintay.

Ang laging labahing tambak-tambak
nag-iwan ng kamay na bitak-bitak
ng kaluluwang wasak-wasak
pagkataong tilad-tilad
at pusong sugat-sugat.

Maya-maya iyong sasamsamin
tutupiin at paplantsahin
aamuyin
hahagurin.
Nag-aalala na baka ang pagsinta
naliw o naaliw.

A...
sana sa mga darating na bukas
muling masinop ang mga tulang pilas-pilas
mga kwentong kupas-kupas
mga nobelang pigtas-pigtas
mga plakeng tagpas-tagpas
at diplomang pekas-pekas.

Kasing ilap ng trabaho
ang mga mambabasa;
maraming tulad mo ang nawalan ng pag-asa
iilan na lamang ang namalagi sa pantasya.

Hoy gising!
alagad ng sining
may naiwang gawaing dapat alalahanin:
may dapat balikang mga kulahin
gapok na sa Clorox ang patitingkarin.

Wag mainis!
Sa panahon ng krisis
di na dapat magtaka
na ang henyo ang naglalaba
at si misis...
sa trabaho abala.

Remedyo

I.

Takbuhan ang ating shop
ng lahat ng naghahanap
ng remedyo
sa mga bagay-bagay
sa pang-araw-araw na buhay.

Labas-masok ang mga customer
na kung sino-sino
na gustong magpa-repair
ng kung ano-ano.

Ref muling lalamig
plantsa'y iinit
magkaka-sound ang tv na dating tahimik
transistor, bentilador
dvd player, cam recorder
wall clock, air pot—
naayos lahat.

Siksik sa gamit ang bahay nating maliit,
mga di natubos na aytem
'ika mo'y di masamang angkinin
at gamitin.

II.

Kumakain tayong katabi ng plato
ang turnilyo, cutter, long nose
at screw driver.

Upuan ang sirang malalaking speaker
mesa natin ang chest freezer.

Sa pagitan ng lunok at kwento
abot-abot, sunod-sunod
gabundok mong reklamo.

Di ka kuntento
sa mga gamit na segunda mano.

Pata ang katawan ko sa pagtulog
ngunit di agad papadapo sa antok.

Aamuyi't hahalikan ang iyong batok
hahagurin, hihimasin ang iyong umbok
saka hahawiin ang kumot.

Ngunit minsan gusto mong nagdaramot—
uunahan ako ng paghihimutok
kahit nasa sahig na ang aking saplot.

Bulong ko'y: "Kaunting tiis pa, mahal."

Di ba't bago tayo kinasal
sumpa ko'y magsisikap
upang hindi mo madanas ang hirap?
Sa ganitong eksena
tulad sa telenobela

ang hirit kong linya'y
mas lamang ang sablay
sa tagumpay.

III.

'Ika mo'y wag muna akong maghangad ng anak.
Saan nga naman ito sasalampak
gagapang, mag-aaral lumakad?
Baka walang sarap na malasap
sa karukhaan lang mamulat.

Mahal 'ka mo ang diaper at gatas
bakuna't bitamina.
Di libre ang doctor at ospital.

Ika'y nanumbat
kinikita 'ka mo'y di sapat
kahit maghapo't magdamag
magkumpuni't magretoke—
asenso'y imposible.

IV.

Lumalaon lumalala
tumatagal sumasama.
Sa gabi'y dumadalas ang iyong pagkakait
nakasinghal tuwing ako'y mangungulit.
Sa umaga'y pirming nakasimangot
minsa'y maghapon ng nagmumukmok.
Kumakain ka nang di nang-aalok.

Aabutan kita ng pansine,
pam-parlor o pang-grocery
ngunit hiling mo'y pang-shopping.

Kung wala akong maiabot
dama ko ang iyong lungkot
kaya't kahit wala tayong makain
o di ko alam kung sa'n kukunin
ang ipantatapal sa mga bayarin—
ano'ng gagawin
ng tulad kong di makahindi sa 'yong lambing?

V.

Ngunit pera'y kapos at kapos
di pa rin halos makaraos
kahit dating ng tao'y di matapos-tapos
at patrabaho'y di maubos-ubos.

Sa iyo na nga ang direktso ng bayad
at kahit piso'y di ako naghahanap
o kinukwestyon ang bago mong make up
pero bakit di mo pa rin gagap
kung bakit nanatili tayong salat?

Tanong ko'y sa akin binalik:
mabuti pa raw ang mga sirang gamit
diperensya't lunas agad kong nababatid.
Ba't ang buhay nating hikahos
di ko maayos-ayos?

VI.

Malungkot ang sumunod na umaga.
Di na kita nagisnan sa kama
walang tao sa sala
lumuwag ang aparador
pati ang tukador.

Nanggalugad
naghanap
binaligtad lahat
baka may iniwan kang sulat
ng pagpapaliwanag.

Pero gaya ng kliyenteng
bago pa lang inilalapit ang bitbit
dapat
alam ko na agad
ang diperensya o sakit
ng iyong pag-alis.

VII.

Di ganoon kadaling matiis
ang mga araw na tumalilis.
Sarili'y inaabala
ngunit umaasa
na sa dagsa ng parukyano
ikaw sana'y naroroo't nakikihalo.
Minsan ika'y sumisilip
sa aking panaginip
at sa bawat tools na inaangat
waring ika'y nakikihawak.

Kasangkapa'y nagpalit-palit
nagpalipat-lapat
di ka pa rin bumubungad.

Madalas maalala
noong ika'y kinikilala.
Sa ngiti mo'y nabighani
kayat nawili sa inyong KTV.
Tumatamis ang serbesa
kapag ika'y kasama,
walang oras na hinahabol
basta't ikaw ang ka-table.
Tinawanan alok kong matrimonya
Tinawaran alok kong pagsasama.
Baka ako'y sumuko sa iyong luho.

Wala tayo sa pelikula,
lagi mong paalala.
Baliw lang 'ka mo ang iibig ng wagas
sa tulad mong mayroong nakalipas
Dagdag pa'y wag kang ihambing
sa aking butingtingin
na tyagain lang na kalikutin
at linisin
parang bagong pagaganahin.

Pero nagawa kong makamada
ang nadarama.
Kung бага sa radyong static
sa paboritong programa,
dapat nang ipihit
sa ibang istasyong malinaw ang sagap.
Tyagain lang ang paghahanap.
Masasanay din sa iba
ang tenga't pandama.
Di nga lang agad.

VIII.

At habang nagbabalik
nagsisikip at naghihigpit
ng mga kinalas,
surpresa ng mga surpresa
ika'y bumulaga.
Pasalubong mo'y iyak
halik at yakap.
Di ka maawat sa paghingi ng tawad.

Giit mo'y ika'y tulad sa appliances
na kung pwede'y ipa-service.
May mga pyesa kang kapos o kulang
kung kaya ka nawindang.
At kung maari
baka sakali
himalang muling mayari.

Sumpa mo'y gagawin lahat
upang muli kitang matanggap.
Magkano man ang service fee
tatapatan mo ng pagsisilbi.

Sa itinagal-tagal kong repairman
at haba ng karanasan bilang technician
di ako siraulo
at nagpapatiwakal
na bawiin
para lang ayusin
ang matagal ko nang ibinigay
sa mambabakal.

Lumisan kang walang imik
hibik ang sa yo'y naghatid
papalabas.
May pumintig sa aking dibdib
nagpasariwa sa aking isip:
Baliw lang 'ka mo ang iibig ng wagas
sa tulad mong mayroong nakalipas.
Kayat ako'y humakbang
naglakad nang matulin—
kahit pala nadala na sa junkshop
maari pa ring bawiin
o muling bilhin.

Sorry, Anak

Sorry, anak kung ako'y amoy alak
sa twing tayo'y nag-uusap.
Hirap akong mag-apuhap
ng sapat na paliwanag
kung ba't di ko natupad
ang payak mong pangarap.

PS2 at bagong cellphone,
Naruto Complete DVD Collection
sa 'yo sana ipasasalubong.

Minadali kasi ang pag-uwi.

Ang palusot:
di ako nakalimot
bilin mo'y naibalot
pero dahil saan-saan napasuot sa airport
o kung sa pagkukumahog
ang habiling isinupot
kasama ng mga abubot
di namalayang nahulog.

Siguro may masamang loob na dumampot.

Walang Captain Barbell o Darnang sumaklolo
Enteng Kabisote, Supertwins at Super Inggó
na to-the-rescue.

Sabi nila siguro
isa rin akong superhero.
Bayani sa mata ng gobyerno at publiko
kahit walang monumento
at di maililibing sa espesyal na sementeryo

Saka ka na lang bumawi sa muling pagbabakasakali.

Sorry, baby at wala akong masabi
kung ba't wala pa ang 'yong Mommy.
Baka mayroon lang binili sa tabi-tabi
nawili sa sine o sa paggo-grocery.

Baka wala syang load at di makapag-text.
Baka nasa FX, taxi o jeep
baka lang naipit sa trapik
o kung saang tsismisan nasabit.

Laro ka lang ng PC o magpaantok sa tv.

Last na bote na ito anak
pampalimot sa hapdi't kirot ng sugat
sa mga kamay na nagbitak-bitak
sa tambak na labahing ilang araw hinarap
nakaagsang at nakasambulat
nakakakulta ng utak.

Di ko namalayang ika'y lumaki
nanibago ako sa size ng 'yong panty.
Umalis akong ika'y nasa nursery
ngayo'y malapit nang mag-grade three.

Para bang di tayo nagkukulitan sa webcam.

Okay lang ba anak kung tayong dalawa
ang magtatabi muna?

Malaki ang kama.

Manyika'y pwedeng isama.

Kasyang kasya.

Walang problema.

Patapos na ang labahin at ibang gawain.

Bukas marami pa rin ang lilinisin

mga gamit iimisin

sinampay ay sasamsamin, tutupiin.

Ayos ng bahay, iibahin.

Anak,

sana'y di ka na ulit mangulit

kung ba't wala na ang damit

ng yong mommy sa cabinet.

Hintayin na lang ang kanyang pagbabalik.

Tungkol sa May-akda

Nagtapos si Eros S. Atalia ng Master of Arts in Language and Literature-Filipino sa DLSU noong 2008 at BSE-Fil sa PNU noong 1996. Ginantimpalaan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang kanyang tatlong sanaysay at apat na tula. Unang Gantimpala sa Pandaylipi Ink. sa pagsulat ng tula noong 1995, Gawad Balagtas (PNU 1996) at apat na ulit na Unang Gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (2006, 2013, 2017 at 2019), Gawad Soc Rodrigo (2007), Fellow sa UP-ICW Writers Workshop for Mid-Career Writers noong 2007. May akda ng mga sumusunod na aklat: *Taguan Pung* (kalipunan ng mga akdang di pambata) at *Manwal ng mga Napapagal* (kopiteybol dedbol buk); *Peksman* (mamatay ka man) *Nagsisinungaling Ako*; *Ligo na U*, *Lapit na Me*; *Wag Lang di Makaraos: 100 Flash Fiction*; *It's Not That Complicated: Bakit Hindi pa Sasakupin ng mga Alien ang Daigdig sa 2012*; *Tatlong Gabi, Tatlong Araw*; *Taguan Pung Level Up* (kalipunan ng mga akdang di pambata) at *Manwal ng mga Napapagal* (kopiteybol dedbol buk). Nagwagi sa Philippine National Book Awards bilang Best Novel in Filipino ang kanyang *Ang Ikatlong Anti Kristo*. Naisapelikula na sa Cinemalaya at na-adapt bilang musical ang kanyang *Ligo na U, Lapit na Me*, at naitanghal na rin sa 8th Cinemalaya ang kanyang kwentong “Si Intoy Syokoy ng Kalye Marino”. Isasapelikula ng

Viva Entertainment ang dalawa nyang nobela at si Atalia rin ang nagsulat ng iskrip. Naging contributor at kolumnista sa mga pambansang tabloid. Dating editor-in- chief ng Responde Cavite. Fellow sa International Writers Program ng The University of Iowa noong 2016. Kinilala sya ng 8listphilippines bilang isa sa walong iconic professor ng Pilipinas. Nagbibigay ng libreng fiction writing workshop para sa mga kabataang interisadong magsulat. Kasalukuyang nagtuturo ng Creative Writing, Literature at Screenwriting sa De La Salle University Manila.



GACHA PRESS